Mahal Naming mga Botante:

Kami ay naghahanda na para sa Ika-14 ng Setyembre, 2021 na Pambuong-estadong Halalan ng Pagpapaalis. Ang County ng Fresno ay isang county ng Batas sa Pagpili ng Botante.

- Maaaring maberipika ng mga botante ang kanilang pagpaparehistro bilang botante sa www.votefresnocounty.com o pumunta nang diretso sa www.voterstatus.sos.ca.gov. Isapanahon ang iyong tirahan o direksiyong pangkoreo sa www.registertovote.ca.gov.
- Ang isang opisyal na balota at sobre para sa pagbabalik ay ipapakoreo sa mga botante sa Ikatlong linggo ng Agosto.
- Ang mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay maaaring ibalik sa isang ligtas na Kahong Hulugan ng Balota. Ang mga Kahong Hulugan ay bukas (24 na oras/araw) para sa apat na linggo bago ang Araw ng Halalan at Araw ng Halalan hanggang ika-8 ng gabi. May higit sa animnapung (60) Kahong Hulugan ng Balota na magagamit sa halalang ito sa buong County ng Fresno. Ang mga balota ay maaari ring ibalik sa pamamagitan ng koreo, nang hindi kailangan ng selyo, o sa isang sentro ng pagboto.
- Ang impormasyon tungkol sa mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto at mga petsa ng pagbubukas ay isasama sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County.
- Ang mga botante ay maaaring magpatala upang matunton ang kanilang balota at makatanggap ng mga paunawa tungkol sa katayuan ng kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Magpatala sa https://california.ballottrax.net/voter/ upang makatanggap ng awtomatikong email, teksto, o boses na tawag na mga paunawa tungkol sa iyong balota.

Kung ikaw ay may mga tanong o nangangailangan ng tulong, mangyaring kontakin ang aming opisina sa (559) 600-VOTE (8683); email: clerk-elections@fresnocountyca.gov o bisitahin ang www.votefresnocounty.com

James A Kus
Klerk/Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Fresno